

Paano kayo nagpapasya kung magkano ang tulong pinansyal na matatanggap ko?

Ang halaga ng tulong na matatanggap mo para mabayaran ang iyong bayarin ay nakabatay sa iyong pangangailangang pinansyal. Kapag naging kuwalipikado ka para sa tulong, ginagamit namin ang average na halagang binabayad ng mga pasyente na may insurance para matukoy kung magkano ang sisingilin sa iyo para sa isang pang-emergency at medikal na kinakailangang pangangalaga.

Programang Reklamo sa Bayarin sa Ospital

Ang Programang Reklamo sa Bayarin sa Ospital ay isang programang pang-estado na nagsusuri sa mga pasya ng ospital tungkol sa kung kuwalipikado kang makatanggap ng tulong sa pagbabayad ng iyong bayarin sa ospital. Kung ikaw ay pasyente sa California at naniniwala kang hindi ka makatarungang tinanggihan ng tulong pinansyal, maaari kang maghain ng reklamo sa Programang Reklamo sa Ospital. Pumunta sa [HospitalBillComplaintProgram.hcai.ca.gov](https://www.hcai.ca.gov/HospitalBillComplaintProgram) para sa higit pang impormasyon at upang maghain ng reklamo.

Higit pang tulong

May mga libreng organisasyong nagtataguyod ng consumer na tutulong sa iyong maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad. Maaari mong tawagan ang Health Consumer Alliance sa 888-804-3536 o pumunta sa [HealthConsumer.org](https://www.healthconsumer.org) para sa higit pang impormasyon.



Tulong sa Pagbabayad ng Iyong Bayarin



Sa Adventist Health, sinisikap naming makatulong na mapanatili kang malusog. Kabilang dito ang pagbibigay ng tulong kung nahihirapan kang bayaran ang iyong mga medikal na bayarin. Palagi ka dapat makatanggap ng pangangalagang medikal, kahit na sa palagay mo ay hindi ka makakapagbayad.

- Para malaman kung kuwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad ng iyong medikal na bayarin, humiling na makapagsagot ng isang aplikasyon para sa tulong pinansyal. Puwede mong kumpletuhin ang aplikasyon habang ikaw ay tumatanggap ng pangangalaga o pagkatapos mong matanggap ang iyong bayarin. Gagamitin namin ang impormasyong ibibigay mo sa form na ito para malaman kung kuwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad ng iyong bayarin. Sa pangkalahatan:
 - » Kung ang taunang kinikita mo ay mas mababa o katumbas ng 300% ng kasalukuyang Pederal na Alituntunin sa Kahirapan, maaaring kuwalipikado ka para sa buong diskuwento ng iyong bayarin.
 - » Kung ang taunang kinikita mo ay higit sa 300% ng kasalukuyang Pederal na Alituntunin sa Kahirapan, maaaring kuwalipikado ka para sa bahagyang diskuwento ng iyong bayarin.
- Mga plano sa pagbabayad — Mayroon kang mga opsyon kung paano ka magbabayad, kabilang ang pag-set up ng mga plano sa pagbabayad. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong bayarin, mangyaring tumawag sa amin sa 800-593-1551.

- Coverage ng Medicaid — Matutulungan ka naming makakuha ng coverage sa pamamagitan ng Medicaid/Medi-Cal at/o iba pang mga programa ng pamahalaan, kabilang ang paunang pagiging kuwalipikado para sa Medi-Cal at insurance ng Covered California. Kung mayroon kang nakatakdang pagbisita o nakadalaw ka sa amin sa loob ng nakaraang 90 araw, tumawag sa aming mga Espesyalista sa Programa ng Pamahalaan sa 844-827-5047 at tutulungan ka naming alamin kung saang mga programa ka maaaring maging kuwalipikado.
- Tulong pinansyal — Kung hindi ka kuwalipikado para sa isang programa ng pamahalaan, maaaring maging kuwalipikado ka para sa tulong pinansyal para sa may mababang kita. Puwede kang magkumpleto ng aplikasyon habang ikaw ay tumatanggap ng pangangalaga o sa pamamagitan ng pagtawag sa aming Pangkat ng Tulong Pinansyal sa 844-827-5047. Ang mga indibidwal na kuwalipikado sa tulong pinansyal ay hindi sisingilin ng halagang higit sa AGB.

Paano mag-apply

Puwede kang makakuha ng libreng kopya ng brochure na ito, ng aming patakarán sa tulong pinansyal at ng isang aplikasyon sa pamamagitan ng:

1. Pagbisita sa lugar ng pagpaparehistro.
2. Pagbisita sa aming website sa AdventistHealth.org/HelpPayingYourBill.
3. Pagtawag sa amin sa 844-827-5047.

4. Magpadala ng nakasulat na kahilingan sa:
Adventist Health
ATTN: Patient Access
726 4th St.
Marysville, CA 95901

Matutulungan ka naming sagutan ang form — magsabi ka lang. Kapag natapos mo nang sagutan ang form, ibigay ito sa isang empleyado sa pagpaparehistro o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo.

Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, mangyaring tumawag sa 844-827-5047 o bumisita sa anumang lokasyon ng Tanggapan ng Pagpaparehistro. Bukas ang opisina sa regular na oras ng trabaho at matatagpuan sa Main Entrance. Mayroon ding mga kagamitan at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille, malalaking print, audio, at iba pang mga elektronikong format na madaling ma-access. Libre ang mga serbisyong ito.

Puwede mong ma-access ang listahan ng mga serbisyong mabibili ng bawat pasilidad sa pamamagitan ng pagbisita sa AdventistHealth.org/PriceTransparency, pagpili ng pangalan ng pasilidad, at pag-click sa link ng Pagpepreseyo ng Mga Serbiyong Mabibili na nasa ibaba ng pahina. Puwede ka ring humiling ng listahan ng mga Serbisyong Mabibili gamit ang mga paraang inilarawan sa itaas.